

# ISANG MINUTONG PATOTOO™

ISA SA PINAKAMADALING PARAAN NG PAGBABAHAGI NG PANANAMPALATAYA KAY KRISTO SA BUONG MUNDO

# KUNG HIHILING ANG DIYOS SA IYO NG ISANG MINUTO IPAGKAKALOOB MO BA?

Di ka ba masaya na minsan may isang taong nagbahagi sa iyo ng kanyang pagsampalataya kay Hesus. Kung si Hesus ang kasagutan, hindi ba dapat lang na maging masigasig tayo na magbahagi sa iba na ito ang tanging paraan ni Kristo para sa mundong sakdal?

Ako, ibahagi ang aking pananampalataya? Oo, pinili ka at ako upang maging sugo Niya, boses Niya, at pumimintig na puso Niya. Bakit? Dahil wala ng ibang magpapatotoo ng buhay na binago ng pag-ibig ni Kristo kung hindi tayo! Tayo ang katibayan ng biyaya ni Kristo.

Ang akala mo siguro, mahirap ang pagbabahagi ng ebanghelyo at gawain lang ito ng pastor o di kaya ay magtanong sila ng di mo kayang sagutin.

Ang ganitong kaisipan at takot ay di na bago. Ipinapakita lamang nito ang mapanlikhang kaisipan dahil sa ating mga agam agam. Ang totoo, iniimbitahan ng Diyos ang lahat ng kristiyano na magbahagi ng kanilang pananampalataya.

Ang pagbabahagi ng ating pananampalataya sa iba ay hindi lang nagpapala sa kanila, kundi tayo din ay napagpapala. Isa pa, ipinagkaloob Niya sa atin ang Banal na Espiritu upang tulungan tayo para hindi tayo nag-iisa sa pag-gawa. Dapat putulin nating ang ating mga agam-agam at hilingin sa Diyos na bigyan tayo ng espiritual na pandinig para marinig natin ang kanyang tinig.

Kaya nating lahat ito. Bawat isa ay may kwentong ilalahad at ang *ISANG MINUTONG PATOTOO™* bilang instrumento ay madali at masayang gamitin. Pagkatapos mapag-aralan at gamitin ng isang pastor ang *ISANG MINUTONG PATOTOO™* ito ang sinabi niya, "marami akong nasayang na panahon sa hindi ko pagbabahagi ng aking pananampalataya. Ngayon, nagagawa ko na araw-araw ng walang alinlangan."

......**KUNG GANOON, KAYA MO RIN!**

Tom Elie
Evangelist / President
Oasis World Ministries



# PAG-IMBITA SA
# BANAL NA ESPIRITU

Ang *ISANG MINUTONG PATOTOO™* ay isang gabay upang tulungan tayo sa pagbabahagi ng kwentong buhay na nabago dahil kay Kristo. Ito ay isang gamit lamang. HINDI ITO ANG MENSAHE. Kailangang ibigay natin ang ating lubos na pagtitiwala sa pag-gabay ng Banal na Espiritu at sa Kanyang paraan na "dalhin ang mga tao sa Kanya"(Juan 12:32)

Madalas na nilalapitan ni Hesus ang mga estranghero... Katulad ng babae sa balon, si Sakeo sa puno ng sikamoro, si Mateo na naniningil ng buwis. Minsan, inilalapit muna ang kalooban sa iba pagkatapos ay binabahaginan na Niya ng patungkol sa Kaharian ng Langit, pero madali niyang sinusunod ang tinig ng Diyos. Awa sa tao ang higit na nagtutulak sa Kanya.

Kaya, kailan, paano, at kanino mo ibabahagi ang iyong pananampalataya? Magsimula sa pamamagitan ng pananalangin, katulad ng mga sumusunod na panalangin at hilingin sa Banal na Espiritu na gabayan tayo sa iba.

4

"PANGINOONG HESUS, AKO AY NAKAHANDA. BIGYAN NIYO PO AKO NG PAGKAKATAON NA MAIBAHAGI KO ANG AKING KWENTO NGAYONG ARAW. AMEN."

# ANG PARAAN NG ISANG MINUTONG PATOTOO


| | | PAGE |
|---|---|---|
| 1. | PAHINTULOT<br>"PWEDE BA AKONG MAGTANONG?" | |
| 2. | BAGO NAKILALA SI KRISTO<br>"MAY PANAHOON NOON NA ANG BUHAY KO AY..." | 16 |
| 3. | PAGBABAGONG BUHAY<br>"AT ISANG ARAW,..."<br>"NOONG NAUUNAWAANG KONG LUBOS NA NAMATAY SI KRISTO DAHIL SA AKING MGA KASALANAN" | 17 |
| 4. | PAGKATAPOS NG DESISYON<br>"MULA NG MAKILALA KO SI HESUS, AKO AY..." | 18 |
| 5. | "kung di ko nakilala si Hesus, ako ay..." | 19 |

# PAHINTULOT



GAMITIN ANG MGA DALIRI UPANG MADALING TANDAAN ANG 5 PARAANG ITO.

Dahil mahal ng Diyos ang mga tao, gusto niyang sabihin natin sa kanila ang patungkol kay Hesus, sila man ay kaibigan o estranghero. Ganito ang paraan ng pagsisimula: PAHINTULOT

Kung hihingi tayo ng pahintulot sa mga tao para sabihin ang ating kaisipan, ipakita natin sa kanila ang ating paggalang upang tayoy pakinggan. Ganito ang paraan upang mabago ang usapan…..

"Meron akong kailangang gawin.
Pwede ba akong magtanong sa iyo?
Kapag pumayag sila, tanongin ito…
"Ano ang pinaka magandang
nangyari sa buhay mo?"

Madalas, sila'y napapangiti. Bakit? Dahil bumabalik sa kanilang isipan ang mga magagandang nakaraan ng kanilang buhay. Pagkatapos nilang magkwento, tanongin mo siya….

"PWEDE KO RIN BANG IKWENTO SA IYO ANG PINAKAMAGANDANG NANGYARI SA AKING BUHAY?"

Maikli lang ang kwento. Itanim ang buto ng ebanghelyo sa loob ng 60 segundo; iyan ang '*ISANG MINUTONG PATOTOO.™*' Ang isang maikling kwento ay makakatulong upang magkasundo kayo ng bago mong kaibigan.

NGAYON NA ANG PANAHON PARA SIMULAN ANG KWENTO.

# BAGO (MAKILALA SI KRISTO)



PARA MASIMULAN ANG KWENTO BAGO MAKILALA SI KRISTO, TINGNAN ANG PAHINA 16

Hindi ko sinasabing bago ka pumunta ng simbahan o nagkompirma. Ang sinasabi ko'y noong isinuko mo ang buhay mo kay Kristo.

Ilarawan mo ang buhay mo BAGO NAKILALA SI KRISTO.

Ganito tayo magpasimula sa ating kwento noong bago mo nakilala si Kristo. Una, mag-isip ng tatlong pang-uri na naglalarawan sa buhay mo bago nakilala si Kristo.

Pwedeng noong nakaranas ka ng kalungkutan, kabiguan, o di kaya'y walang direksyon ang buhay. Maaring nagtagumpay pero parang walang halaga, may nagawa kang kasalanan, o pagkabalisa. Mga panahong nawawalan ka na ng pag-asa sa buhay o di kaya'y galit ka sa Diyos o di kaya'y takot kang mamatay.

Maaaring isinuko mo na ang buhay mo kay Kristo noong bata ka pa pero di mo na matandaan kung kailan. Maaaring naalala mo na kailangan mo ng kapatawaran dahil sa kasalanan at nakokonsensya ka dahil alam mo na mayroong Diyos.

Habang inaalala mo ang buhay mo bago mo nakilala si Kristo, nahuhulma mo na ang iyong storya. Ipagpatuloy mo at tapusin sa pahina 16.
Magsulat ng 3 pang-uri o pananalita para sa:
"MAY PANAHON SA BUHAY KO NOON NA...."

# PAGBABAGONG BUHAY



PARA SIMULAN ANG KWENTO NG PAGBABAGO SA BUHAY MO, TIGNAN ANG PAHINA 17

Ang lahat ay may panahong kung saan ang espiritual na buhay ay nabubuksan, ito yong panahon bukas ka na sa espiritual na pangangailangan. Ito na yong 'PAGBABAGONG BUHAY MO.

Maaaring mangyari habang nasa pananambahan, sa panahon ng taghirap, kapag napagaling sa sakit o nagkaroon ng kasagutan sa panalangin. Maaaring noong may nagbahagi ng kanyang pananampalataya sa iyo, o di kayay naging matagumpay ka na sa buhay mo pero parang may kulang.

Ito ang isang halimbawa ng nagbago ang buhay: "isang araw, may isang taong nagsabi sa akin patungkol sa isang Diyos na totoong nagmamahal sa akin. Na malapit lang ang Diyos at inaanyayahan akong manirahan sa kanya sa langit. Pero may problema ako. Perpekto ang langit at ako ay hindi, kaya hindi ako pwedeng pumasok. Ngunit gumawa ng paraan ang Diyos. Ipinadala Niya ang kanyang bugtong na anak na si Hesus para mamatay at bayaran ang kabayaran ng aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan, tinanggap ko Siya bilang Panginoon ng aking buhay.

Ano ang nagpabago sa 'BUHAY MO?' Paano mo nakilala si Hesus? Ano ang hiniling mo kay Hesus na gawin Niya sa buhay mo? Isulat ito sa pahina 17.

# NG (PAGKATAPOS DESISYON)



PARA SIMULAN ANG KWENTO MO SA PAGKATAPOS NG DESISYON, TIGNAN SA PAHINA 18

NG Ang 'PAGKATAPOS DESISYON' ay ang kwento ng bagong buhay mo bilang isang kristiyano. Ito ang pinakamadali at masayang parte ng kwento, dahil pag-uusapan niyo ang mga bagay na binago ni Kristo sa buhay mo. Ito ang mga benipisyo ng pagkakilala kay Kristo at ang kaibahan ng bagong buhay na ginawa Niya: may bagong kagalakan, ang pakiramdam na may layunin at kasapatan sa buhay, pinatawad sa kasalanan, mga bagong kaibigan, at kasiguruhan sa buhay na walang hanggan. Isa itong larawan ng isang amang napakasaya sa pagbabalik ng kanyang alibughang anak sa kanyang tahanan, "ang anak kong ito ay nawala ngunit ngayo'y natagpuan, namatay ngunit ngayo'y nabuhay!" (Luke 15)

"MULA NOONG MAKILALA KO SI HESUS, AKO AY...."

Ito ang isang halimbawa ng ng PAGKATAPOS MAGDESISYON, "Mula ng tanggapin ko si Hesus bilang Hari ng buhay ko, nagkaroon ako ng bagong layunin, bagong kagalakan, at ang kumpiyansa na makakarating ako sa langit pagkatapos ng aking kamatayan."

MAGHANAP NG 3 PANG-URI NA NAGLALARAWAN SA MGA POSITIBONG BAGAY NA GINAWA NI HESUS SA BUHAY MO. That's not too hard, is it? Turn to page 18 when you have come up with your answers.

# KUNG HINDI KO
## NAKILALA SI KRISTO



PARA MAKUMPLETO ANG KWENTO, TIGNAN ANG PAHINA 19

Isipin mo ito, ano kaya ang buhay mo kung di mo nakilala si Hesus. Nakakatakot di ba? Hindi mo sana naranasan ang mga pagpapalang inilarawan mo sa kwento mo ng PAGKATAPOS NG DESISYON.

Kumpletuhin ang kwento sa tanong na, ano kaya ang buhay mo kung di mo nakilala si Hesus? Habang ikaw ay nagsasalita, pinakikinggan naman ng kausap mo ang laman ng puso mo. Ang sabi ng iba, ang buhay ko'y walang halaga, di makahulugan o naghahanap pa rin layunin. Ang sabi naman ng iba, nasa kulungan siguro ako, lulong sa droga, hiwalay sa asawa, baka patay na ako. Ibang iba sana ang buhay ko kung di ko nakilala si Kristo. Kapag tapos ka nang magkwento, pasalamatan sila sa pakikinig.

Nasabi sa akin na 7 beses na marinig ng isang tao ang ebanghelyo bago nila tanggapin si Kristo. Ang layunin natin ay hindi para dalhin sila kay Kristo kundi itanim sa kanilang puso ang buto ng ating patotoo. Pag may labis kaysa doon ay pagpapala na sa atin.

Kung may katanongan sila at gusto pang makipagusap, pwede mo silang sagutin pero iwasan ang usapin sa doktrina. Ang kapangyarihan ng kwento mo ay ang pagbabahagi mo sa kanila ng iyong puso. Katulad noong bulag na nagsabing, "wala akong alam sa taong nagpagaling sa akin. Isang bagay po ang alam ko, ako'y dating bulag, subalit ngayo'y nakakakita na." (Juan 9:25)

Tapusin ang pangungusap at isulat ang inyong mga sagit sa pahina 19.

KUNG DI KO NAKILALA SI HESUS, AKO AY...

BAGO NAKILALA SI KRISTO. TAPUSIN ANG MGA PANGUNGUSAP SA 3 PANG-URI O PANANALITA:

"MAY PANAHON SA BUHAY KO NOON...."

1. ..........................................................................

2. ..........................................................................

3. ..........................................................................

# PAGBABAGO NG BUHAY. ANO ANG PAGBABAGO NG BUHAY MO?

1. PAANO MO NARINIG ANG PATUNGKOL KAY HESUS?
"AT ISANG ARAW,..."

........................................................................

........................................................................"

2. TAPUSIN ANG PANGUNGUSAP NA: "NOONG NAUNAWAAN KONG LUBOS NA NAMATAY SI HESUS SA AKING MGA KASALANAN AT NABUHAY NA MULI SIYA MULA SA KAMATAYAN, INANYAYAHAN KO SIYA NA...."

........................................................................

........................................................................

........................................................................"

## PAGKATAPOS NG DESISYON. ILARAWAN ANG MGA POSITIBONG BAGAY NA GINAWA NI HESUS SA BUHAY MO.

"MULA NOONG NAKILALA KO SI HESUS SA AKING BUHAY, AKO AY......"

1.....................................................................

2.....................................................................

3.....................................................................

# ANO KAYA ANG AKING BUHAY KUNG WALA SI KRISTO?

"KUNG HINDI KO NAKILALA SI HESUS SA BUHAY KO, AKO AY..."

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

MARAMING SALAMAT SA PAKIKINIG. TANDAAN MO, MAHAL NA MAHAL KA NI HESUS!

# IBA PANG KARAGDAGAN...

Pagkatapos ibahagi ang *ISANG MINUTONG PATOTOO™*, pwede mo tanungin ang mga sumusunod:

1. "Ngayon, tanong ko sa iyo? Kung kukunin ka ni Lord ngayong gabi, sa tingin mo, pupunta ka sa langit?
2. "Sa pang-unawa mo, papaano pupunta sa langit ang isang tao?
3. "Maaari ko bang sabihin sa iyo kung paano isinaad sa biblia na pwede mong malaman kung paano ka pupunta sa langit?

Kung ang sagot ay"oo", simulan mong ibahagi ang 1,2,3.

1. TANGAPING ika'y nagkasala at malayo sa banal na Diyos. ( Roma 3:23)
2. MANAMPALATAYA ka na si Kristo ay namatay para patawarin tayo sa ating mga kasalanan at muling nabuhay para patunayan na siya ay ang tunay na Diyos. (Roma 10:9-10)
3. AMINING nagkasala ka; hilingin kay Hesus na tulungan kang layuan ang kasalanan at tanggapin Siya bilang tagapagligtas ng iyong buhay. (1Juan 1:9)

Kung naunawaan na nila ang 1,2,3. Sundan ng isa pang tanong: "Ano ang pipigil sa iyo sa pagsuko ng buhay mo kay Hesu-Kristo ngayon?"

Kung wala, sundan ulit ng isa pang tanong, "Sa tulong ng Diyos, papayag ka ba na lumayo sa tinatawag ng biblia na 'kasalanan', at sumunod kay Hesus araw-araw?

# PAGTAPOS NG KWENTO...

**Kapag sumagot sila ng "OO", pasunurin sila sa panalangin ng buong puso gamit ang 1,2,3 na natutunan o di kaya'y ang Tula ng kaligtasan na mababasa sa sunod na pahina. Kung tapos na kayong manalangin, batiin mo siya at bilinan siya sa 3 tatlong bagay: Magbasa ng Biblia araw-araw, manalangin araw-araw at humanap at dumalo sa simbahang naniniwala sa biblia kada linggo. Makipagpalitan ng email at numero sa telepono, tawagan sila sa loob ng 24 oras para batiin sila. Kapag natawagan sila, hilingin sa kanila na basahin ang Juan 3:16-17 sa iyo pagkatapos tanungin kung ano ang ibig sabihin nito sa kanila. Tanungin kung ano ang ipapanalangin mo sa kanila at imbitahin silang dumalo kasama ka sa simbahan at sa maliliit na pagtitipon.**

Ito po ang aming WEBSITE na pweseng makatulong:
mayelongubas.com

Ngayon kaibigan, naturuan ka ng kakayahan tungo sa buhay na walang hanggan. Hilingin sa isang kaibigan na samahan ka sa pagpapatoo sa loob ng 21 araw. Upang maging araw araw na saksi ng kanyang biyaya mula ngayon!

# Ang Tula ng Kaligtasan

Hesus, sa krus, ika'y namatay
Nabuhay muli para mundo'y iligtas
Kasalanan ko ay patawarin mo
Maging panginoon, kaibigan ko
Tulungan mong magsimula muli
Buhay ko'y alay sa iyo

*Pakinggan Ang Tula ng Kaligtasan sa:*
*ISANGMINUTONGPATOTOO*.ORG!

The Salvation Poem.
Written by Matt and Sherry McPherson.
© 2004 by The Salvation Poem Foundation, Inc.
ALL RIGHTS RESERVED.
WWW.THESALVATIONPOEM.COM

# PAMAMARAAN NG MGA TAGAPAGSANAY

1. Magpasimula sa **HABAG** mula sa Mateo 9:36.
2. Magbigay **NG 1 MINUTO PARA ISAULO** ang 5 daliri (pahina 5)
3. **Magsanay sa ISANG MINUTONG PATOTOO, kada daliri**
 - Basahin ang mga pahina para sa mga daliri mula sa libreta.
 - ipakita ang patotoo gamit ang mga daliri sa kanilang pakikinig.
 - Ang lahat ay magsulat ng kanilang patotoo. Magbigay ng isang minutong katahimikan.
 - Kausapin ang 3 tao, at pakinggan ang kanilang isinulat
 - Ang lahat ay magsanay kasama ang kanila mga kapareha sa kanilang isinulat.
4. Ipakita ang iyong kumpletong patotoo sa pakikinig ng lahat
5. Hilingin sa lahat na ibahagi ang kanilang patotoo sa kanilang mga kasama.
6. Magsanay naman sa ibang mga kasama.
7. Sa iba pang karagdagan – basahin ang pahina 20-21
8. Magsanay sa **PAGGAWA**. Tanungin itong 3 katanungan:
 a. Ilan ang nakakaunawa sa ISANG MINUTONG PATOTOO?
 b. Ilan ang gagamit nito pagkatapos ng pagsasanay natin?
 c. Kailan natin sisimulang gamitin ito—sa sunod na taon? Kailan?
9. Atasan ang lahat sa pagsasagawa: "Tayo pong lahat ay lalabas na at..."
 a. **Ang lahat ay magbabahagi ng kanilang patotoo sa 4 na katao.**
 b. Babalik tayo dito sa oras na ______(Mungkahi namin ay 45-75 minuto depende sa lapit ng lugar kung saan may mga tao.)
10. Pagkatapos niyo pong bumalik dito, maghanap ng tatlong tao at magkwento sa paboritong nangyari.
11. ***21 ARAW NA HAMON*** - Tanungin sa mga kalahok kung sinong magkakapareha ang magbabahagi sa loob ng 21 na araw. Pasabihan at tawagan ang mga kasama araw-araw.
12. Imbitahan silang magdala ng kaibigan sa susunod na buwan ng pagsasanay.

Kung gusto niyo na makasama ang iba pa na gustong lumago sa pananampalataya, samahan kami sa:

***ISANGMINUTONGPATOTOO*.ORG**

TUMUKLAS NG MGA **LIBRENG** REGALO SA: ***MGAREGALO*.ORG**



*MGA LIBRO, MUSIKA & MGA TOOL PARA MAG-INSPIRE ANG IYONG SAKSI!*

Mag sign up sa WEBSITE kung gustong makatanggap ng libreng blog ng ISANG MINUTONG PATOTOO ng linggohan. Uudyukan ka nito na ituon ang puso mo sa mga mahahalagang bagay patungkol sa buhay na walang hanggan!

Sa mga gustong makakuha ng libreta ng *ISANG MINUTONG PATOTOO™* TUMAWAG O E-mailniyo kami sa:

OASIS WORLD MINISTRIES
PO BOX 58 CHAMPLIN, MN 55316 USA
763-425-9355 | info@oasiswm.org

© 2009, revised 2024, Oasis World Ministries. Written by Tom Elie and Oasis World Ministries. All rights reserved. No part of this booklet may be changed in any way or reproduced in any form without written permission from Oasis World Ministries. Version 18UDT FILIPINO TAGALOG.